Ano ang Sexually Transmitted Infection (STI)?

Ang Sexually Transmitted Infections (STI) ay mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik.

Ano ang mga sintomas ng STI?

1. May lumalabas na mabaho, malansa at mga kulay na likido (dilaw, berde o mapula) mula sa ari
2. May pangangati, pamumula, may sugato o kulugo sa ari o sa paligid nito hanggang sa may pwet o hita
3. Madalas umihi at nakakaramdam ng sakit o hapdi tuwing umiihi
4. May matinding pananakit ng puson
5. Nakakaramdam ng sakit at/o pagdurugo sa ari tuwing nakikipagtalik

Ano ang iba't ibang uri ng STI?

Gonorrhea
Human Immunodeficiency Virus o HIV
Human Papilloma Virus o Genital Warts
Chlamydia
Herpes
Syphillis
Trichomoniasis
Hepatitis B
Chancroid

Ano ang gagawin kapag nakakaranas ng alinman sa mga sintomas ng STI?

1. Agad na kumunsulta sa doctor o sa health center.
2. Iwasan muna ang pakikipagtalik o kaya ay gumagamit ng condom bilang proteksyon para hindi makahawa ng iba.

Paano magagamot ang STI?

Depende sa klase ng STI, ito ay maaaring magamot kung maaganapan, liban na lamang sa human immunodeficiency virus o HIV na kung saan, napipigilan lamang ang pagkalat ng virus at ang paglala ng kundisyon.

Ano ang HIV at AIDS?

Ang HIV ay acronym sa human immunodeficiency virus, ang tawag sa mikrobyo na nagdudulot ng HIV infection at kapag hindi naagapan ay hahantong sa AIDS.

Ang AIDS naman ay huling yugto (last stage) ng HIV infection. Ito ang kalagayan na kung saan ang immune system ng isang tao ay sobrang hina na para labanan ang anumang impeksyon sa katawan.

Ano ang mga sintomas ng HIV at AIDS?

1. May kulani na tumatagal ng 3 buwan
2. Inuubo at nilalagnat hanggang 3 buwan
3. Mabilis na mapagod kahit walang ginagawa
4. Nangangayayat o may pagbaba ng timbang
5. May sugat o sakit sa balat na hindi gumagaling
6. Madalas nagtatae

Paano maaaring mahawa ng HIV?

Blood to Blood Products
Tulad ng paggamit kontaminadong syringe at karayom at pagsalin ng kontaminadong dugo.

Sexual Transmission
Kapag nakipagtalik sa may HIV/AIDS.

Mother to Child Transmission
Maaaring mahawa ng Nanay na HIV+ ang kanyang sanggol.

STI sexually transmitted infection